**UP CREDIT COOPERATIVE**
ANDRES I. FERNANDEZ HALL
Delos Reyes St., corner C.P. Garcia Avenue
U.P. Campus Diliman, Quezon City
Tel Nos.: 924-8002 / 435-0356

# KODIGO NG PANGKOOPERATIBANG PAMAMAHALA AT PANG-ETIKANG PANUNTUNAN

## Artikulo I. Panimula

**Seksyon 1**. Ang UP Credit Cooperative (i.e. "Kooperatiba") ay nabuo noong ika-21 ng Abril, 1949, na naglalayon ng mga sumusunod (UPCrC Artikulo ng Kooperasyon)

1. Umengganyo ng Pag-impok mula sa Kasapian
2. Magpadaloy ng Pagpapaluwal sa mga Kasapi batay sa makatuwirang tantos ng interes
3. Mulatin ang mga Kasapi hinggil sa wastong paggamit ng pera, at igiit ang kahalagahan ng pagtupad sa mga obligasyon
4. Isulong ang kilusang kooperatiba bilang kaparaanan ng pagpapaunlad ng pang-ekonomikong Kapakanan

**Seksyon 2**. Ang Kodigo ng Pangkooperatibang Pamamahala at Pang-Etikang Panuntunan (i.e. "kodigo") ay naglalayong padaluyin ang katuparan ng mga nabanggit na mithiin sa itaas, at bilang tahasang palatandaan na rin kaugnay ng tuwirang pagsasabuhay ng mga wastong prinsipyo at kalakaran para sa lahat, at bilang paninindigan kung paano dalhin ang sarili sa araw-araw na buhay. Ang Kodigong ito ay tagapagtukoy sa mga pinahahalagahan at ng proceso na rin sa pagtaguyod nito para sa pangkalahatang katuparan. Ang lahat ng mga pamunuan, kasapi, at empleyado ng Kooperatiba ay inaasahang batid at nauunawahan ang lahat ng nakasaad dito.

**Seksyon 3**. Ang Kodigong ito ay isang inisyatibang tuloy-tuloy at di pa ganap o kumpleto. Nagsisilbi lamang itong simpleng gabay para sa lahat kung papaano kumilos at ipatupad ang kani-kanilang tungkulin at responsibilidad. Ang mga pahayag dito ay hindi kailanman naglalayong palitan o baguhin ang mga Kalakaran at Polisiya na nakasaad sa Konstitusyon at Patakaran ng Kooperatiba.

**Seksyon 4**. Sa pagkakataong may kalabuan o di-ganap na naisaad sa Kodigong ito, mangyari lamang na sa lahat ng mga isyu ay inaasahang gamitin ang wastong pagsusuri't kapasyahan at magsangguni tungkol sa mga katanungan, na may kalayaan at walang takot sa pagganti o taglay ang kabantulutan. Ang lahat ng mga isyu na may kaugnayan sa Etika ay puwedeng bukas na pagtatalakayan at ang lahat ng mga mungkahi para sa pagpapayaman nito ay maaaring ibigay sa Komiteng Pang-Etika para sa kanilang konsiderasyon o pagsasaalang-alang. Ang Kodigong ito ay maaari ring amiyendahan at rebisahin alinsabay sa panawagan at hamon ng panahon.

**Artikulo II. Ang Ating mga Prinsipyo**

Ang UPCrC ay pagsisikapang itaguyod ang mga sumusunod na prinsipyo:

**Seksyon 1**. Integrridad at Akawntabilidad. Ang Kooperatiba ay pagsisikapang ipatupad ang lahat ng kanyang pangako, mandato, at katungkulan. Ang "Board" ang siyang kakatawan at aakuhin ang pangunahing responsibilidad sa lahat ng pagkakamali at sisikaping maagap na maresolusyonan ang mga ito. Ang Kooperatiba ay titiyaking tahasan itong nakaangkla sa wasto at pang-etikang pamantayan, sa bukas na katapatan at alinsunod sa mapagkaisang balangkas, pananaw at kagawian. Ang Kooperatiba ay dapat tuparin ang kanyang itinalagang tungkulin kahit pa man ito ay mahahamon ng mga salik at puwersa na maaaring balakid sa kanyang operasyon o katayuan. (Cf: Survey)

**Seksyon 2**. Kabukasan at Kalayaan sa mga Impormasyon. Ang Kooperatiba ay sisikaping maging bukas sa lahat ng pagkakataon, ni walang ikinukubli o inililihim man. Ang Kooperatiba ay maglalaan ng lubos na impormasyon tungo sa kooperasyon, pagtutulungan, pagkakaisa ng kapasyahan o sa paglilinaw.

**Seksyon 3**. Makatarungan at Pantay. Ang Kooperatiba ay palagiang magiging makatarungan, pantay at bukas sa lahat ng kanyang proceso at komunikasyon laluna sa kanyang pakikitungo at pakikipag-ugnayan sa mga empleyado, kasapi at pamunuan. (Cf: Survey at Rabe)

**Seksyon 4**. Pagkiling sa Kasapian. Ang Kooperatiba ay may pagpapahalaga at pagpaprayoridad sa kasapian, kaya't ito ang istriktamenteng kadahilanan ng kanyang buhay at katayuan. Kung kaya't sentro ng kanyang tungkulin ay ang pagtaguyod at pagkiling sa interes ng Kasapian. Tanggap ng Kooperatiba na mahalaga ang pagtitiwala ng kanyang kasapian. Samakatuwid, sisikapin niya itong taglayin at angkinin sa lahat ng panahon. Ganundin, ang lahat ng mga kasapi ay tatratuhin ng pantay at may paggalang sa lahat ng pagkakataon.

**Seksyon 5**. Katungkulan at Obligasyon sa Lipunan. Ang Kooperatiba ay palagiang hahanapin at itataguyod ang kapakanan ng malawak na bilang ng mamamayan na kanyang pinaglilingkuran. (Cf: Rabe; Article 4(7) R.A. 9520)

**Seksyon 6**. Kulturang Sentro sa Mamamayan. Ang Kasapian ay yayakapin ang pagsasaalang-alang ng pag-angking tapat sa Kooperatiba alinsunod sa pag-iisip, damdamin, at gawa. (Cf: Rabe)

**Seksyon 7**. Dinamikong Pamumuno. Aktibo at walang puknat na mapagbago't makabagong pamumuno na may katalasan at kahusayan sa palagiang pagbabago ng panahon at mamamayan. (Cf: Rabe)

**Seksyon 8**. Disiplina. Paggalang sa karapatan ng bawa't tao at mulat na pagtangkilik sa mga natatanging obligasyon ay napakahalaga't sentro ito ng tuwid na pamumuhay at personal na integridad, na siya ring magpapausbong ng kahusayan at kaayusan. (Cf: Rabe)

**Artikulo III. Prinsipyo sa Pamamahala at Gabay sa Pamumuno**

**Seksyon 1**. Ang lahat ng mga empleyado, kasapi, at opisyales (i.e. “lahat”) ay inaasahang may katapatan at pagiging pantay sa kanilang pakikitungo at pakiki-ugnay sa lahat ng mga kliyente at iba pang pinaglilingkuran ng Kooperatiba.

**Seksyon 2**. Lahat ay pinagbabawalang tumanggap ng suhol, regalo o pampadulas at iba pang uri ng katiwalian mula sa kung sinuman. Ang mga regalo o pabor ay maaari lamang tanggapin kung ito ay mas mababa o kasinghalaga ng naturang presyo o aktuwal na halaga. Kung di-tiyak o tantiyado ang tunay na halaga ng regalo o pabor, maaaring direktang tanungin sa nagbibigay kung magkano ang tunay na halaga nito. (Cf: Survey)

**Seksyon 3**. Lahat ay pinagbabawalan ding magbigay ng kung anumang suhol o pabor at pampadulas na maaaring di-legal na kabayaran, direkta man o indirekta, para sa sinumang nakikipagkontrata o nagnenegosyong komersyal o iba pang kontratang may benepisyo at pakinabang, at sa paghingi ng aksiyon mula sa gobiyerno (Cf: Survey)

**Seksyon 4**. Ang lahat ay mahigpit na pinapayuhan na limitahan lamang ang kanilang “reimbursable expenses” o opisyal na gastusin sa mga importante, tanging kinakailangan, masiyasip at nakaugnay sa opisyal na negosyo. (Cf: Survey)

**Seksyon 5**. Lahat ay matinding pinagbabawalan na manlamang o mandehado sa pamamagitan ng manipulasyon, kasinungalingan, di-wastong paggamit ng sekreto at hawak na impormasyon, o iba pang di-patas na pakikipagtransaksiyon.

**Sekyon 6**. Lahat ay dapat respetuhin, tratuhin ng may paggalang, katapatan at iwasan ang paninirang-puri, pagpahayag ng masama laban sa pagkatao at kakayahan ng iba (Cf: Survey)

**Seksyon 7**. Lahat ay dapat palaganapin ang prinsipyong alinsabay sa batas o “due process” at pagkakapantay sa pagkakataon sa lahat ng uri ng ugnayan sa isa’t-isa, at sensitibo sa pangangailangan ng bawa’t kasarian o gender na walang bahid ng diskriminasyon.

**Seksyon 8**. Lahat ay dapat lumahok at makipagkaisa sa lahat ng gawain at adhikain ng Kooperatiba para lalong lumakas ang pagiging epektibo at episyente nito.

**Seksyon 9**. Lahat ay dapat mapagbantay, maingat at mapagmatyag sa mga rekurso ng Kooperatiba na ipinagkakatiwala o naipapailalim laluna sa kanilang responsibilidad. (Cf: Survey)

**Seksyon 10**. Lahat ay dapat tumulong at tumugon ng sapat, lubos, maagap, magalang, at propesyunal sa lahat ng kahilingan at pangangailangan.

**Seksyon 11**. Lahat, laluna ng mga opisyales at miyembro, ay dapat magbigay ng lubos at tahasang serbisyo sa lahat ng mga tao, anuman ang kanilang lahi, paniniwala, edad, kasarian o katayuan sa buhay.

**Seksyon 12**. Ang mga Opisyales ng Kooperatiba ay dapat magsikap na ipatupad ang kanilang autoridad na nakasaad sa kanilang responsibilidad at nakapaloob sa kanilang mandato at tungkulin (Rule 7, Sec. 2. Rules and Regulations Implementing Certain Provisions of the Philippine Cooperative Code of 2008). Dapat silang magsikap na di abusuhin ang kanilang kapangyarihan at autoridad bilang mga Opisyales ng Kooperatiba.

**Seksyon 13**. Ang mga Opisyales ng Kooperatiba ay dapat magpursigi sa balansyadong pamumuno na may kontrol, kaluwagan at kalinawan, sa kanilang paggampan ng tungkulin at gawain. (Rule 7, Sec. 2. Rules and Regulations Implementing Certain Provisions of the Philippine Cooperative Code of 2008)

**Artikulo IV. Tunggalian ng Interes**

**Seksyon 1**. Lahat ay dapat magpursigi na iwasan ang personal na interes at sariling pakinabang sa kanilang pakikitungo, pakikipag-ugnay at pakikipagkasundo na may kinalaman sa Kooperatiba.

**Seksyon 2**. Lahat ay mahigpit na hinihingan ng ulat at komentaryo, sa mga nakikitang resonableng pakiwari at paglaganap ng maaaring tunggalian ng interes, at isangguni sa Lupon ng mga Direktor o Komiteng Pang-Etika.

**Seksyon 3**. Lahat ay pinagbabawalang magkaroon ng pinansiyal na interes, gaya ng mahalagang papel o pag-aari ng “stock” sa anumang entidad na katrabaho’t katambal ng Kooperatiba, na maaaring magsalamin o magpahayag ng tunggalian ng interes. (Cf: Survey)

**Seksyon 4**. Ang lahat ng mga Opisyales ng Kooperatiba ay di maaaring direkta o di-direktang magpasok bilang empleyado ng Kooperatiba ng mga kaibigan at kamag-anak hanggang ikaapat na antas ng apinidad at ugnayan ng parehong dugo’t ninuno. (Cf: Survey)

**Seksyon 5**. Ang lahat ng mga Opisyales at empleyado ng Kooperatiba ay di maaaring makipagkompromiso sa labas at makipagkasundo, kasama ang pag-empleyo at iba pang pagbibigay ng serbisyo na magdudulot ng balakid sa interes ng Kooperatiba. (Cf: Survey)

**Artikulo V. Paghawak sa Kumpidensyal na Impormasyon**

**Seksyon 1**. Ang mga kumpidensyal na impormasyon ay mga lihim na datos at hindi dapat pag-usapan o talakayin sa hayag at labas ng di-autorisado o opisyal na usapan, laluna sa presensya ng mga walang kaugnayan sa Kooperatiba, kasama ang mga kamag-anak at kaibigan. Ang mga naturang kumpidensyal na impormasyon ay maaari lamang na gamitin para sa mga ligal at opisyal na gawain ng Kooperatiba hindi para sa personal na gamit o pakinabang.

**Seksyon 2**. Ang mga kumpidensyal na impormasyon ay hindi dapat ibinubunyag at tinatalakay sa ibang tao labas ng organisasyon (“third party”), maliban kung kinakailangan at dapat para sa interes ng organisasyon at kung mangyari man, ito ay may konkretong proteksiyon at mahigpit na lambat-seguridad sa anumang pag-abuso o pagpapangalandakan.

**Seksyon 3**. Lahat ng mga impormasyon, datos, kagamitan, kasangkapan at pang-Kooperatibang rekurso ay hindi maaaring gamitin para sa pansariling kapakanan at personal na kapakinabangan o sa pakinabang ng iba pa man. (Cf: Survey)

**Seksyon 4**. Bigyan ng kaliwanagan at impormasyon ang lahat ng may karapatan at kinalaman dito.

**Seksyon 5**. Magbigay ng tama at wastong impormasyon, na naiintindihan ng mga tao. Lahat ng mga impormasyong ito ay dapat na walang bahid ng kasinungalingan at panlilinlang. (Cf: Survey)

**Seksyon 6**. Ang mga kumpidensyal na impormasyon ay maaari lamang ibunyag at talakayin, kung ito ay di lalabag sa karapatan ng mga tao o maglilikha ng kaguluhan o kapahamakan ng Kooperatiba. (Cf: Survey)

**Artikulo VI. Ulat Pampinansiya at Talaan**

Ang Kooperatiba ay dapat:

**Seksyon 1**. Gamitin at sundin ang mga prinsipyong "pang-Accounting" na tanggap ng pangkalahatan. (Cf: Survey)

**Seksyon 2**. Magtaguyod ng sistema ng control at panloob na mekanismo ng "Accounting" na magtitiyak ng resonableng kaseguruhan na maitala ang mga transaksiyon at upang ito rin ay handa sa lahat ng panahon para sa mga Namumuno, laluna sa tuwing ito ay kinakailangan. (Cf: Survey)

**Seksyon 3**. Magmintina ng libro ng pondo at talaang pampinansiya na balansiyado, wasto at komprehensibong nakaulat ang kalagayang pampinansiya ng Kooperatiba. (Cf: Survey)

**Seksyon 4**. Gumamit ng sistema na nagtitiyak na ang mga dokumento at talaan ay handang magamit, ligtas at may kaseguruhan.

**Seksyon 5**. Gumawa ng regular na taunang "audit" para malaya at obhetibong napag-aaralan at narerepaso ang mga Ulat Pampinansiya, at upang matukoy ang mga problema at hamon dito kaugnay ng sistema ng panloob na control. (Cf: Survey)

**Seksyon 6**. Maghanda ng malinaw, masinop at maayos na impormasyon, at hanggang maaari ito ay simple at nauunawaang ulat pampinansiya. (Cf: Survey)

**Artikulo VII. Edukasyon ng mga Opisyales, Empleyado at Miyembro**

**Seksyon 1**. Lahat ay dapat bigyan ng kopya ng Kodigo na ito at ipaliwanag sa lahat ang laman upang tiyak na masunod at maipatupad ang mga rekisito nito.

**Seksyon 2**. Bawa't miyembro, empleyado, at opisyal ay kinakailangang pumirma ng dokumento/kasunduan na naglalahad na sila ay nakatanggap ng kopya nitong Kodigo, nabasa, at tuloy-

tuloy na nirerepaso ang lahat ng laman, at naiintindihan ang responsibilidad at tungkulin kaugnay ng patakaran dito.

**Artikulo VIII. Mga Ligal na Implikasyon at Regulasyon sa Pagpapatupad**

**Seksyon 1**. Ang Kooperatiba ay magpapatupad ng lahat ng kalakarang local, pambansang polisiya, batas ng estado at regulasyong aplikable sa gawain ng Kooperatiba.

**Artikulo IX. Pagmonitor ng Pagpapatupad**

**Seksyon 1**. Ang lahat ng mga miyembro, empleyado't opisyales ng Kooperatiba ay may responsibilidad na subaybayan ang mahigpit na pagpapatupad ng Kodigong ito, sa pamamagitan ng maagap at kagyat na pag-uulat at pagsangguni sa kinauukulang komite kaugnay ng mga maaaring paglabag ng mga kalakarang nakasaad dito, at sa bukas na pakikipagtulungan sa gaganaping imbestigasyon hinggil dito.

**Artikulo X. Pag-ulat ng mga 'Violations'**

**Seksyon 1**. Bawa't empleyado, opisyal at miyembro ay responsable sa pagtitiyak na ang lahat ng paglabag ng mga batas, kalakaran, at regulasyon ng Kooperatiba at ng Kodigong ito ay naiuulat at naipaparating sa mga kinauukulang komite upang ito ay matugunan at agad maresolbahan.

**Seksyon 2**. Ang ulat ng posibleng paglabag ay maaaring isulat, personal na isangguni, lihim, kumpidensyal o nakatagong pangalan sa responsableng tao o komite ng Kooperatiba.

**Seksyon 3**. Ang mga ulat hinggil dito ay agad imbestigahan upang magkaroon ng kagyat na katugunan at resolusyon.

**Seksyon 4**. Ang bawat empleyado, opisyal, at miyembro na mag-uulat ng may tapat na intensiyon at makatwirang paninindigan ay maaaring gawin ito ng walang takot at pangamba sa paninikil, pagganti o retribusyon.

**Artikulo XI. Aksiyong Pandisiplina**

**Seksyon 1**. Ang empleyado, opisyal o miyembro na napatunayang "guilty" sa paglabag ng kahit anong patakaran at probisyon ng Kodigong ito, pagkatapos ng tamang proceso at makatarungang imbestigasyon ay papatawan ng aksiyong pandisiplina (DA), na maaaring ito ay pagsuspende, pagtanggal sa trabaho't opisina o pagtitiwalag sa Kooperatiba na pagpapasyahan at igagawad ng Lupon ng Kooperatiba.

**Artikulo XII. Implikasyong Konstitusyonal at Determinasyon ng Probisyon**

**Seksyon 1**. Anumang probisyon o bahagi ng Kodigong ito na maaaring ideklara ng mga Korte na dikonstitusyonal, walang bisa, o imposibleng mapatupad ay di makakaapekto sa pagiging konstitusyonal, bisa at pagpapatupad ng iba pang probisyon ng Kodigong ito.

**Artikulo XIII. Pang-Epiktibong Probisyon**

**Seksyon 1**. Ang Kodigong ito ay magiging epektibo pagkatapos maaprobahan ng Lupon ng mga Direktor at lubusang makompirma ng Pangkalahatang Asembliya.

Ang pinal na burador ng Kodigong ito ay inihanda ng 2011-2012 Komite ng Pang-Etika (G. Rodolfo Y. Tarlit, Tagapangulo, Prof. Oscar Ferrer, Kasapi, Bb. Saturnina dela Cruz, kasapi, G. Dolores A. Daguman, kasapi) at isinumite sa Lupon ng mga Direktor na nag-apruba at nagprisinta at kinumpirma naman ng Pangkalahatang Asembliya na ginanap noong Marso 30, 2012.